

CHAPTER *One*

“*H*! Are you up for some flirting?” malanding tanong ni Catherine, or Cathy as what her friends called her, sa lalaking nilapitan niya. Naroon siya sa isang club sa BGC. Every Friday night ay ugali na nilang magkakaibigan ang lumabas at mag-bar.

“Who is she?” singit ng isang babae na huminto sa tagiliran niya. Nang balingan niya ito ay mukhang galit ito kaya napaderecho siya ng tayo.

“Hon, she’s just asking about something,” mabilis na sagot ng lalaki. Guwapo ito pero mukhang under naman. Nakaka-turn off.

“Ah, yes. Uhm... actually, napadaan lang ako at hindi ko napigilan na bigyan siya ng advice,” mabilis

na paghahabi niya ng dahilan. Ayaw niya namang masangkot sa isang away sa loob ng isang club.

“Advice?” nagtatakang tanong ng babae.

“Yes, advice. S’abi ko sa kanya, ’wag kang pakakawalan dahil you both look good together. Nakita ko kasi ang sweetness n’yo kanina.”

“Really?” medyo umaaliwalas na ang mukha na tanong nito. Nakangiting tumango siya. “Wow, thank you! I’m sorry for bitching out on you a while ago. Akala ko kasi nakikipag-flirt ka sa fiancé ko.”

Si Cathy naman ang nagulat. *Fiancé? F*ck, walang forever, dude!* muntik na niyang maihiyaw sa dalawa. “Wow! Congrats to you two. Best wishes. Anyway, I have to go at baka hinahanap na ako ng mga kaibigan ko,” paalam niya habang unti-unting lumalakad patalikod. At nang matapos niya ang sinabi ay tumalikod na agad siya. Cathy even heard the woman said thank you, pero hindi na siya humarap sa dalawa. She just raised her left hand as a response.

“Ano’ng nangyari?” curious na tanong ni June, one of her best friends, nang makalapit siya sa table nila.

Bago siya sumagot ay pinakawalan niya muna ang pinipigil na tawa. Hindi siya makapaniwala sa

nangyari. Muntik-muntikan na siyang mapaaway dahil sa nagawa niya.

“Catherine, ano’ng nangyari? Ano’ng nakakatawa?” tanong din ni Molly, her other BFF, na katulad ni June ay hindi makapaniwala sa inaasta niya.

Pinigil niya ang pagtawa at umupo nang maayos. “Fudge cake! Muntik lang naman akong mapaaway. Iyong lalaking tinuro n’yo, eh, engaged na pala. Buti na lang hindi narinig n’ung babae ang sinabi ko sa fiancé niya. Kung nagkataon ay baka lumabas ako sa club na ’to na mapula ang pisngi at masakit ang anit.” Nakangiting binalingan niya ang dalawang kaibigan.

Hindi nagbago ang ekspresyon ng mga ito; hindi pa rin makapaniwala.

“Bakit?” Siya naman ang nagtanong.

“Ano’ng nakakatawa d’on?” ani June.

“Yes. Hindi ba dapat kabado ka, pero masaya ka pa? Walang nakakatawa sa nangyari.”

Ngumuso si Cathy. “Alam n’yo, ang OA n’yo pareho. Nalusutan ko naman so it’s fine. Hindi na bago ang sitwasyon. It happened before.”

“Oo na. Ikaw na talaga ang pinaka-flirt na babaeng nakilala namin,” sagot ni Molly.

“At pinakamagaling lumusot,” dagdag ni June.

“But I still don’t get it. Ano’ng nakakatawa?”

“Oh, hindi ko pa ba nasabi? They’re engaged. That’s the funny part. Walang forever pero kung makaasta iyong dalawa, bago ako lumayo sa table nila, parang meron. If only they know, maghihiwalay din sila.”

Well, that’s the bitter truth. Walang forever. Ang mga lalaki ay nilikha upang mangaliwa. Walang paninindigan ang mga ito. Sa una siguro, meron. Pero kapag nagsawa na sila, kakaripas ng takbo palayo kasama ang bago nila.

Nagpakawala siya ng malalim na hininga bago inubos ang natitirang cocktail.

“Hay, Cathy, hindi na namin alam ang gagawin sa ’yo. Hindi lahat ng lalaki ay tulad ni Tito Teddy,” paliwanag ni Molly.

“Don’t mention his name. Alam n’yong ayokong naririnig ang pangalan niya,” nakasimangot na sagot niya.

“Pero tatay mo pa rin siya,” katuwiran ni Molly.

“Hindi na simula nang iwan niya si Mama at sumama sa malandi niyang kabit.” Dahil frustrated na si Cathy ay inabot niya ang cocktail ni June at ininom iyon. She hated the topic. Above all, alam ng mga kaibigan niya kung gaano siya ka-sensitive

sa topic na iyon. Pero kahit ano ang gawin niyang paalala sa dalawa, every time na magkakasama sila ay lagi pa ring binabanggit ng mga ito ang lalaking iyon.

“When are you going to move on?” tanong ni June.

“Sino ba’ng may sabi na hindi pa? Naka-move on na ako. Tuluyan ko na siyang binura sa buhay ko. Now, it’s just me, my mom, and my siblings. We don’t need him. Kaya please lang, ’wag n’yo na siyang isasama sa usapan. Ayoko nang marinig ang pangalan niya at kung ano’ng naging parte niya sa buhay namin. Oorder lang ulit ako ng drink and if I didn’t come back at once at naiinip na kayo, feel free to leave. I’ll just text you both kapag nakauwi na ako.”

“Bes?” bulong ni Molly nang ibeso niya ito.

“I’m fine and I’m not mad.” Lumapit na rin siya kay June at hinalikan din ito sa pisngi. “Ingat kayo sa pag-uwi.”

Nang makalayo sa table nila ay agad siyang humanap ng bakanteng stool sa bar counter. Right now ay wala na siya sa mood na makipag-flirt. Gusto niyang mapag-isa at uminom.

Nang maghiwalay ang mga magulang ni Cathy ay nagbago na ang pananaw niya sa buhay. She

started to dislike guys, except for her two brothers and maternal uncles. Hindi na siya naniniwala na may forever. Ayaw niya ng commitment dahil alam niyang wala iyong magandang maidudulot. It would only end up as a disaster. At itinatak na rin niya sa puso't isipan na hindi niya kailangan ng lalaking makakasama habambuhay. Kaya niyang mabuhay nang mag-isa.

But a baby will do. Napaderecho siya ng upo dahil sa naisip. Tama, just like what she had in mind when she was still in high school. Napangiti siya sa naisip. Ngayon, kailangan niya na lang makahanap ng lalaki na papayag na buntisin siya.

“You’re such a moody woman,” narinig niyang wika ng isang lalaki na naramdaman niyang umupo sa katabi niyang stool. Hindi kagaya ng puwesto niya na nakaharap sa bar counter, ito ay nakatalikod doon at nakasandal.

Agad niyang nilingon ito. She was about to say something, pero natigilan siya nang makita ang mukha ng estranghero. There was only one word to describe this man beside her—perfect. Hindi siya mabilis humanga sa mga lalaki, but this one was different. From the shape of his face to his nose; even his eyebrows screamed perfection. And the smile on

his natural reddish lips, it's so inviting. He's perfect for her mission.

"Stop looking at me that way or I will kiss you," pabirong wika nito.

It's now or never, Cathy. Tanungin mo na siya. Huminga siya nang malalim. "P'wede mo ba akong buntisin?"

Hindi nakaligtas sa mga mata niya ang pagkagulat nito. Sino ba naman ang hindi magugulat sa itinanong niya? Pero wala siyang pakialam. Kailangan niyang mapa-oo ito. Kapag ito ang nakabuntis sa kanya ay siguradong guwapo o maganda ang magiging baby niya.

Nang maka-recover ito sa pagkabigla ay siya naman ang nagulat dahil tumawa ito nang malakas. "You're good at making jokes. You almost got me there."

Napangiwi siya. "Seryoso ako."

"What?"

She pouted her lips and nodded. "Gusto ko talagang magpabuntis sa 'yo."

"I don't know if you're just drunk or crazy."

"Neither... or maybe both but... basta... look, pareho naman tayong magbe-benefit dito."

"Hindi ko makita kung paano ako magbe-benefit

sa gusto mong mangyari, Miss.” Lumagok ito sa bottled beer na hawak nito.

“Okay.” Humarap siya ng upo rito. “Let’s make an agreement, but first magpakilala muna tayo sa isa’t isa.”

“I will never agree on—”

Hindi niya ito pinansin at agad na nagpakilala. Kailangan niyang ipaintindi rito ang gusto niyang mangyari para pumayag ito. “I’m Catherine. Twenty-six. From Makati. Never been kissed nor touched at any private part and totally a virgin. And you are...?”

Isang di-makapaniwalang ngiti ang isinagot nito. “You are claiming you’re a virgin, but you’re acting like you’re not.”

Napabuntong-hininga na lang ulit ang dalaga at saka muling humarap sa counter. Ba’t ba tinanong pa niya ito? Boys would never understand. No one would. Umakto na lang si Cathy na parang wala ito sa tabi niya, na kunwari ay hindi niya ito tinanong. Tinawag niya ang bartender at umorder pa ng margarita na agad naman nitong ginawa at ibinigay sa kanya.

“Hindi ba dapat asawa muna ang hinahanap mo bago ka gumawa ng baby na gusto mo?” biglang tanong ng lalaki na hindi niya pa rin alam ang

pangalan.

“I hate commitment. Ayokong magpakasal. I don’t need a man.”

“You certainly need a man. Paano ka mabubuntis kung ikaw lang?”

Binalingan niya ulit ang lalaki. “Okay, for the record, sperm lang ang kailangan ko. P’wede naman akong magpa-artificial insemination, pero gagastos lang ako ang malaki kapag iyon ang ginawa ko. Mas okay na gumastos na lang ako sa pambili ng gagamitin ng bata, ’no!

“Alam kong allergic din kayong mga lalaki sa salitang ‘commitment’ kaya naman hindi kita oobligahin na tulungan akong palakihin ang bata kung sakali mang pumayag ka na buntisin ako.

“Kapag nabuntis na ako, hindi na ako magpapakita sa ’yo. Hindi ako manghilingi sa ’yo ng pang-sustento. My salary is more than enough to keep me and my future baby alive.”

“You make it sound so easy, Cathy.” Uminom ulit ito ng beer. “Tell me, why me? We just met.”

Napaisip siya sa tanong nito. Bakit nga ba? Nagkibit-balikat siya. “Well... first, you’re handsome. Naisip ko lang kung ikaw ang makakabuntis sa ’kin, my future baby will look handsome or beautiful.

Gaganda lalo ang lahi namin.” Napahinto siya nang makitang lumapad ang ngiti nito.

“Go on. I’m listening.”

“Ano pa ba? Actually, ’yon lang ang rason ko. Nothing else. I just want to have a child and when I saw you, na-imagine ko na agad ang magiging itsura ng magiging anak ko. Kaya, please, pumayag ka na?”

Umiling ang kanyang kausap. “I don’t know what to think. Hindi gan’on kadali.”

“Look, kahit ano’ng kapalit.”

“Hindi ka ba natatakot? What if mamamatay-tao ako or I have HIV? Or what if I’m married?”

“Are you married?”

“Absolutely not,” anito, sabay iling.

“Mamamatay-tao ka ba o may-sakit?” dagdag na tanong niya.

“Of course not and I’m perfectly healthy.”

“Exactly what I thought kaya hindi mo dapat iyon sinasabi. So, payag ka na?” nang-aakit na tanong niya at ikinawit pa ang dalawang kamay sa batok nito.

Napailing ang lalaki bago nagsalita. Mukhang nauto niya na ito at papayag na.

“You’re unbelievably crazy,” komento nito.



“Are you sure this is what you wanted? You can still back out if you want,” wika ng binata kay Cathy sa pagitan ng paghalik nito sa kanya. Hindi niya pa rin alam ang pangalan nito, pero naisip niyang mas ayos na rin iyon. And fudge, he’s a good kisser!

You haven’t been kissed on the lips before, kontra ng utak niya. Right, hindi kasi talaga siya nagpapahalik. She flirted but she never let those guys kiss her or touch her especially in her sensitive parts.

“Buo na ang desisyon ko.”

“Good.” Ang mga labi nito ay bumaba na sa kanyang leeg. And moments later, naramdaman niya na ang paglapat ng kanyang likod sa malambot nitong kama. Yes, nagtungo sila sa pad nito.

Habang patuloy ito sa paghalik sa kanyang leeg ay ramdam niya rin ang mga kamay nitong humahaplos sa kanyang balat—malalambot at tila may malilit na boltahe ng kuryente. Nang lumapat ang isang kamay nito sa isang umbok ng kanyang dibdib ay hindi niya na napigilan ang mapaungol.

“S-should I take a bath first?” inosenteng tanong niya na parang kakapusin ng hininga.

Dahil doon ay napahinto ang binata sa ginagawa at tinunghayan siya. She could see amazement in his eyes. “Do you want to?”

Pinakiramdaman ni Cathy ang sarili. Hindi na siguro kailangan tatal bago naman siya dumeretso sa club kanina ay dumaan muna siya sa bahay nila para maligo at magpalit ng damit. “Hindi na siguro.”

“Good.” At inilapit agad nito ang mukha sa kanya at muling inangkin ang kanyang mga labi.

Ilang sandali pa ay nahubad na nito ang damit niya. Hindi niya alam kung paano iyon nagawa ng kaniig nang hindi niya namamalayan. Hindi niya alam pero bigla siyang nakaramdam ng hiya. Wala pang nakakakita sa katawan niya maliban sa kanyang mama. Wala sa sariling tinakpan niya ang kanyang dibdib kahit na may suot pa siyang bra.

Dahil sa ginawa niya ay nakaani iyon ng tawa mula sa binata. “You are really unbelievable! You are so desperate to have sex and yet, here you are being shy. Honey, there’s no need to be shy. Your body’s in good shape and you’re flawless,” pagpapalakas nito ng loob at saka inilayo ang mga braso niya sa kanyang dibdib. “Shall we continue?”

Tanging tango lang ang isinagot ng dalaga.

“No more hesitations?”

Iling naman ang naging sagot niya.

Ngumiti ito nang nakakaakit. Sandali lang ay umalis ito sa ibabaw niya. Naitukod niya agad ang

mga siko sa kama upang maiangat niya ang upper body. Gusto niyang makita ang gagawin nito. Uurong na kaya ito?

“I’m not going anywhere. I’ll just strip off.”

Napalunok siya nang matanggal na ng lalaki ang t-shirt nito. Damn, mayroon itong walong pandesal sa tiyan. At, whoa! Hindi niya alam kung ano ang tawag doon sa V-shaped *eme* sa hips nito but fudge, it looked so sexy. Bumaba pa lalo ang tingin niya nang matanggal na nito ang pantalon at tanging boxer briefs na lang ang suot. She’s not that innocent. Alam niyang aroused na rin ito dahil sa umbok sa harapan nito.

“Eyes on my face, Cathy,” nang-aakit na wika nito nang gumapang na ito pabalik sa ibabaw niya with only his boxer briefs on. He’s so hot she couldn’t wait any longer.

Iginala nito ang tingin sa kabuuan niya lalong-lalo na sa maumbok niyang dibdib. Desire was all over his face.

“Touch me?”

Muli itong nagtaas ng paningin at ginawaran siya ng mapang-akit na ngiti. “Can’t wait, ha?”

Napalunok na lang siya.

“You said you’re still a virgin. But after this, are

you still going to give yourself to other man?"

"I think so. Bahala na."

"Wrong answer, Cathy." Kasabay niyon ay ang pagpisil muli ng kamay nito sa kanyang dibdib. "If you want to have sex, remember, ako lang ang tatawagan mo. Understood?"

"Okay."

Muli nitong inangkin ang kanyang mga labi at bumaba iyon sa kanyang dibdib na ngayon ay wala ng takip. Para siyang tanga na napapaungol dahil sa paglalaro nito sa dibdib niya. Nasabunutan niya ito nang isabay nito ang pagpasok ng kamay nito sa loob ng panty niya. Init na init na siya. It felt so good!

"You're so ready for me," bulong nito habang ang tainga naman niya ang nilaro ng mga labi nito. "I'll be gentle."

Mabilis na nitong natanggal ang huli nilang mga saplot. He positioned himself between her thighs and inserted his manhood slowly inside her core. Napasinghap siya nang parang may mapunit sa gitna niya. Masakit pala talaga sa una. Hindi na niya napigilan ang pagpatak ng luha sa kanyang mga mata.

Nakita iyon ng binata kaya sandali itong huminto. He kissed the tears away from her face.

“You’ll eventually get used to it, honey. I’ll be slow and gentler.”

Tumango-tango na lang si Cathy habang nakapikit. Dahan-dahan itong naglabas-masok sa kanyang pagkababae. Ang sakit na naramdaman niya kanina ay napalitan na ng sarap.

“It’s okay. P’wede mo nang bilisan.”

“Are you sure?”

“Yes...” Naging sunod-sunod ang pag-ungol niya nang bilisan nga nito ang pagbayo. Pakiramdam niya ay may sasabog sa loob niya. Para siyang maiihi na ewan. Iyon na siguro iyong orgasm na sinasabi nila. “I think I’m... uhm.. coming.”

“Just let it go, Cath,” medyo hinihinal na sagot nito habang patuloy pa rin sa ginagawa. “I’m almost there, too.”

CHAPTER *Two*

*N*aalimpungatan si Cathy dahil sa liwanag na tumama sa kanyang mukha. Kahit ayaw pang bumukas ng mga mata niya dahil sa antok ay pinilit niya. Ang bumungad sa mga mata niya ay ang mint green na kulay ng mga dingding. Wala rin masyadong kagamitan na nandoon maliban sa queen-sized bed na kinahihigaan niya at isang malaking cabinet.

Umupo siya mula sa pagkakahiga at noon niya naramdaman ang pagkirot ng kanyang sentido pati na rin ang hapding naramdaman sa pagitan ng mga hita niya. And she's fully naked under the sheets.

Naikulong niya ang mukha sa mga palad. "F*ck!" bulong niya sa sarili. Mukhang napadami talaga

siya ng inom kagabi dahil nakagawa nga siya ng katangahan. *Antanga mo, Cathy! Ginawa mo talaga.* Ipinikit niya nang mariin ang mga mata. All along she thought she was just dreaming pagkatapos hindi pala. Napabuntong-hininga siya. Alam niyang wala na siyang magagawa dahil nangyari na. Ginusto niya iyon kaya sarili lamang niya ang sisihin.

Buti na lang at wala na siyang katabi nang magising. Siguro ay umalis na ang lalaking iyon which was better dahil hindi niya alam kung ano ang dapat sabihin o gawin. Malay ba niya kung ano ang dapat gawin after having sex.

Pinilit niyang bumangon at ininda ang kirot at hapdi na naramdaman. Pinulot niya ang suot sa sahig bago dumerecho sa tingin niya ay banyo na nasa loob mismo ng silid na iyon.

Nang makapagbihis ay hinanap niya ang kanyang pouch, pero hindi niya iyon makita sa loob ng kuwarto. Siguro ay nailapag niya iyon sa sala. Dahil nagpadalos-dalos siya at hindi muna nag-isip, paglabas niya sa bedroom door ay natagpuan niya ang sarili sa harap ng tatlong lalaki na nakaupo sa couch sa sala.

Katulad niya ay kitang-kita ang pagkabigla sa mukha ng mga ito maliban sa lalaking pinagbigyan

niya ng sarili. Hindi niya naman basta-basta malilimutan ang mukha nito.

Guwapo talaga. Shit! Ang yummy!

Napalunok ang dalaga sa kaba at sa pagnanasang nadama. Para siyang tuod dahil hindi niya magawang gumalaw dahil sa mapanuring mga mata na nakatingin sa kanya pagkatapos ay ang kaguwapuhan at hotness pa nito ang iniisip ng magaling niyang utak.

Mukhang nakahalata si... ang devirginizer niya kaya lumapit ito sa kanya. Napaawang ang mga labi niya nang ma-realize na naka-boxer shorts lamang ito. Siya naman ay kalalabas lang galing sa kuwarto nito. Shiz, she's doomed. Nakakahiya! Siguradong alam na ng mga bisita ng devirginizer niya ang namagitan sa kanilang dalawa.



“Are you thinking what I’m thinking, dude?” narinig ni Brandon na tanong ng kaibigan niyang si Vince sa isa pa nilang kaibigan na si Jacor nang tumayo siya at lumapit kay Cathy na mukhang naestatwa na sa pagkagulat.

“Unbelievable!” ang tanging naisagot ni Jacor.

Alam niya ang iniisip ng mga kaibigan niya, pero wala siyang pakialam. He could talk to them later.

What mattered, at this moment, was the woman standing outside his bedroom door. Napangisi siya nang mapansing pinasadahan nito ang suot niya. She's totally checking him out.

“Is my body enough for your breakfast?” nanunuksong tanong niya rito nang nasa harapan na siya nito mismo. Namaywang pa siya upang lalong ibalandra ang perfectly toned upper body niya.

Bigla nitong naitaas ang paningin sa mukha niya. “Ha?”

Malapad siyang napangiti nang makita ang pamumula ng mga pisngi nito. She's blushing again. “So, buti naman gumising ka na, Miss Sleepyhead.” Lumapit pa siya ng kaunti sa babae at itinapat ang bibig sa tainga nito upang bumulong, “Are you still sore?”

Umiling lang ito bilang sagot sa kanyang tanong bago nagsalita. “Ah, aalis na ako pero nakita mo ba ang pouch ko?”

“Ito ba ang hinahanap mo?” singit ni Vince na nakalapit na pala sa kanila. Iniakbay pa nito ang isang braso sa balikat ni Brandon habang ang isang kamay naman nito ay nakalahad, hawak ang pouch.

“O-oo, 'yan nga.” Akala niya ay wala nang ipupula ang mukha ng babae pero nagkamali siya.

Her face was so red right now. Agad nitong inagaw ang pouch nito sa kanyang kaibigan at bahagyang ngumiti. “Salamat.”

“You’re welcome, Miss. And by the way, kanina pa ’ata tunog nang tunog ang cellphone mo.” Pinaglipat-lipat ni Vince ang tingin sa kanya at kay Cathy. At hindi niya gusto kung ano ang tumatakbo sa isip nito.

Nakita ni Brandon na inilabas ng dalaga ang cellphone nito at bahagyang napangiwi nang makita kung sino ang tumatawag dito. “Ah, sige, aalis na ako. Salamat na lang. ’Bye sa inyo.” Nagmadali itong tumakbo papunta sa front door kaya hindi na ito napigilan ni Brandon.

“Wow! Ang astig ng bago mong babae, ah,” parang di-makapaniwalang wika ni Vince.

“Yep, she is,” komento ni Jacor. Nang lingunin niya ang nagsalita ay prenteng nakaupo ito sa couch habang nakatutok sa nakabukas na TV. “Kakaiba sa type mo.”

“Tama. Sawa ka na ba sa mga foreigner na nakikilala mo? Akala ko ba slim and with big boobs ang gusto mo?”

“Ulol! Cathy’s body suits her.”

“Whoa! Sino ka at ano’ng ginawa mo sa kaibigan

namin?” OA na tanong sa kanya ni Vince. “Seriously, dude, what’s happening to you? Siya na ba?”

“Siya na nga ba?” segunda naman ni Jacor.

Napailing siya. Ano nga ba ang nangyayari sa kanya? Hindi niya rin kasi alam ang kasagutan. Was he falling... *No, I am not*, agad na kontra niya sa naiisip. Bigla tuloy siyang nakaramdam ng uhaw kaya dumerecho siya sa kusina para kumuha ng tubig.

Nagising si Brandon dahil sa walang tigil na pag-doorbell ng dalawang unggoy niyang kaibigan. When he opened his eyes and became oriented, gusto niyang tawanan ang sarili niya. It was the first time he ever slept and cuddled with a woman after having sex. At ang problema, parang wala lang sa kanya. It felt so natural.

Buti na lang talaga at dumating ang mga kaibigan niya bago pa magising si Cathy. Dahil sa totoo lang, hindi niya alam kung ano ang sasabihin o gagawin kung nagising ito na katabi pa siya.

“So?” tanong ni Vince na nakasandal sa kitchen counter niya habang nakatingin sa kanya.

“Anong so? Would you please just shut up and sit beside Jacor? Siya na lang ang kulitin mo.” He didn’t want to talk about it dahil magulo rin ang utak niya.

“Ow, so it’s a touchy topic?” nang-iinis na tanong

nito.

Nilampasan niya ito at muling sumalampak sa inupuan niya kanina. Sumunod sa kanya si Vince at naupo sa tabi ni Jacor. Hindi niya sinagot ang tanong nito. “Ba’t nga ulit kayo nandito sa pad ko?”

“Changing the topic, aren’t we?” ayaw magpaawat na tanong ulit ni Vince. Sa kanilang tatlo ay ito talaga ang makulit at hindi nagpapatalo. “O baka gusto mong siya na lang ang tanungin ko?”

“Mukhang mas interesting pang marinig ang sasabihin mo, Suarez, kaysa manood,” komento ni Jacor kasabay ng pagpatay nito sa TV. Ngumisi ito. “Hindi kami makapaniwala. Finally, Brandon Suarez brought a woman in his pad. Ano’ng meron sa kanya at isinama mo siya dito?”

Napailing siya. Wala talaga siyang maitatago sa dalawa. They knew him very well ever since they were still in elementary. Kahit siya ay hindi makapaniwala dahil dito niya dinala si Cathy nang nakaraang gabi. “Nothing in particular.”

“And you think we’ll buy that?” tanong ni Vince. “Wag ka nang magpakipot dahil hindi kami aalis hangga’t hindi ka nagkukuwento.”

“Nasabi ko na bang mas madaldal at chismosa ka pa sa babae?”

“Wala kang pakialam,” masungit na sagot nito.

Napangiti si Brandon. “Fine. She wanted me to impregnate her.”

Hindi agad siya nakarinig ng komento, bagkus ay ang nakakatawang reaksiyon ng mga ito ang nakita niya. Their jaws literally dropped.

“F*ck!” sabay pang bulalas ng dalawa nang parehong maka-recover.

“At pumayag ka?” tanong pa ni Jacor.

“Of course not.”

“But you f*cked her,” komento ni Vince na hindi pa rin makapaniwala.

“Yeah,” parang wala lang na pagkumpirma niya. “She was a virgin when I took her last night.”

“Gago!”

“Putcha!”

Sabay na minura siya ng dalawa at kitang-kita niya ang pinaghalong hindi pagkapaniwala at disappointment sa reaksiyon ng mga ito.

“What? I was just doing her a favor although hindi ko maibibigay sa kanya kung ano talaga ang gusto niya. She was an easy prey, dudes. Siya ang may gusto at nag-offer ng virginity niya as payment.”

“Gago! Nawalan ng saysay iyong pagbigay niya sa 'yo ng purity niya,” napapailing na wika ni Vince.

“Poor woman.”

Natawa siya sa inakto nito. Hindi siya sanay na ganoon ang reaksyon ng mga kaibigan niya. Just like him, active din ang sex life ng mga ito.

“What? Kung ikaw ba ang nasa puwesto ko, bubuntisin mo?” Umiling ito sa tanong niya. “Exactly. I don’t want to have an illegitimate child.”

“Paano kung malaman niyang hindi mo siya nabuntis at magpakita ulit sa ’yo?” Si Jacor naman ang nagtanong.

“Then, we’ll have sex again and again hanggang mawalan na siya ng pag-asang mabubuntis pa siya.”

Natawa na ang mga kaibigan niya.

“Gago! Ang libog mo, Brandon Suarez!” ani Vince.



Sumimsim si Cathy mula sa mug ng kape na inorder niya. Naroon siya sa *Bran’s* sa mall na malapit sa kanila. Ang *Bran’s* ay ang coffee shop na pagmamay-ari ng pinagtatrabahuhan niyang kompanya. Walking distance lang iyon sa bahay nila. At dahil hilig niyang magkape lalo na kapag may malalim siyang iniisip ay doon siya pumupunta. May discount kasi siya roon.

Napailing siya nang maalala ang nangyari nang

nagdaang gabi. Hindi talaga siya makapaniwala na nagawa niya iyon. Oo, nalasing nga siya nang sobra, pero naalala niya kung ano ang mga nangyari. Isa na lang ang hiling niya. Sana ay hindi na magkrus ang landas nila ng lalaking iyon.

“Hoy, gaga!” tawag-pansin sa kanya ni Molly. Nagulat pa siya nang makita ito roon. Agad itong umupo sa tapat ng upuan niya at inilapag sa table ang binili nitong drink.

“Ba’t ka nandito?” nagtataakang tanong niya.

“Wala. Nainip ako sa bahay kaya sumunod ako. S’abi mo kasi pupunta ka dito,” paliwanag nito. Malapit din kasi ang bahay nito sa coffee shop. Isang sakay lang sa jeep.

“If I know, gusto mo lang makipag-chikahan.”

“Of course! So, ano nga’ng nangyari? Napagalitan ka ba ni Tita Marilyn?” Ang tinutukoy nito ay ang mama niya.

Umiling lang si Cathy. Hindi na bago ang sitwasyon sa nanay niya. Well, except sa pagsuko niya ng Bataan na syempre ay hindi na dapat malaman pa ng pamilya niya. Kadalasan kasi kapag nag-gimmick silang magkakaibigan ay kinabukasan na talaga siya nakakauwi sa bahay nila. Pero mas malala iyong ngayon dahil mag-a-ala-una ng hapon

na siya nakauwi.

“Sanay na sila sa mga escapade natin. Tatawag lang iyon para magtanong kung nas’an na ako o para mangumusta.”

“Hmm... So, kumusta? Ano’ng nangyari sa ’yo kagabi?”

Napasandal siya sa inuupuan at inisip kung dapat ba niyang ikuwento sa mga kaibigan ang nangyari. Napangiwi siya sa kaba. Baka pandirian siya ng mga ito.

Pero bahala na. Bago siya tuluyang magkuwento ay hinintay muna nila si June. Gusto niya kasi kapag nagkuwento ay isahan na. Ayaw niya na ulit-ulitin pa. Ilang minuto lang ay dumating na si June.

“So? Ano na?” curious na tanong ng bagong dating.

Huminga nang malalim si Cathy at ikinuwento sa dalawa ang nangyari. Mula simula hanggang matapos ang salaysay ay walang imik ang dalawa. Kinabahan tuloy siya. Ayaw niyang mahusgahan pero alam niyang iyon ang mangyayari. Baka iniisip ng mga ito na kung kailan siya tumanda ay saka naman siya lumandi.

“Gaga ka! Ginawa mo talaga?” Hindi makapaniwalang tanong ni Molly. Ito ang unang

naka-recover.

“OMG! Hindi kita ma-carry! Paano pag nagbunga? Patay ka kay Tita Lyn niyan,” naguguluhan namang wika ni June. “*Shunga* mo! Paninindigan mo talaga ang sinabi mo n’ung high school tayo?”

“Siguro. Nagawa ko na, eh. Pero naisip ko kung hindi naman ako mabubuntis, eh, di mas okay. Kung mabubuntis, paninindigan ko na.”

“*Kalurkey* ka, ’neng! Hindi ko ma-reach iyang utak mo,” napapailing pa ring wika ni June.

“Naku, nand’yan na, eh. Saka ’wag ka na ngang mag-inarte, June. If I know, hindi ka na rin naman virgin. Ako na lang sa ating tatlo ang pure.”

Napangiti siya sa sinabi ni Molly dahil totoo naman.

“Eh, gan’on talaga. Masarap kaya. Di ba, bes?” natatawa nang sagot ni June.

Napaubo naman siya sa narinig. Sakto kasing humihigop siya ng kape nang magtanong ito. Pakiramdam niya ay namula ang mga pisngi niya. Dapat niya bang sagutin ang tanong ni June?

“Ano, Cath, masarap ba?” usisa ni Molly.

“Don’t be shy. Nasa twentieth century na tayo. Uso na ang hindi virgin,” panunukso pa ni June.

“Ewan ko sa inyo. Tigilan na nga natin ang topic

na 'yan.”

“Nakakatawa ka. Hindi ka na virgin, uy.”

“Ipagduldulan pa?”

Natawa naman si Molly. “Pero pogi ba talaga? Macho?”

Napanguso siya. Paano ba niya ide-describe ang lalaki? “Pogi. Matangos ang ilong, brown eyes, maganda ang mga kilay—hindi sabog kahit medyo makapal-kapal. ’Tapos kissable iyong lips niya.” Bigla tuloy pumasok sa isip niya kung paano humalik ang lalaki. “Masarap.”

“Ha? Ang alin?” gulat na tanong ng dalawa.

Naguluhan si Cathy. Ano ba ang sinabi niya?

Nang mapansin siguro ni Molly na napakunot ang noo niya ay nilinaw nito ang tanong. “Alin ang masarap?” malisyosang wika nito.

“Ha? Iyon ba ang s’abi ko?” Fudge, ba’t niya ba nasabi iyon? “Ano, masarap siyang tingnan. Masarap sa mata. ’Tapos maganda ang katawan niya. May eight-pack abs at may V-line siya sa hips.”

“Syet! Ang yummy nga!” parang kinikilig na komento ni June. “Sana makita din namin siya. Pero mahaba ba?”

“Ang alin?”

“Ito naman, nakakainis! Pa-virgin lagi. Iyong

ano...” Ibinitin nito ang sasabihin at itinuro ang gitnang part ng katawan nito, indicating ang manhood ng lalaki.

Napangiwi sila ni Molly dahil doon. “Kadiri ka! Tintananong mo talaga iyon?” aniya.

“Manyak!” wika ni Molly na hinampas pa si June ng magazine na hawak nito.

Nagkatawanan silang tatlo. Nagkasundo silang ibang topic na lang ang pag-usapan.

CHAPTER *Three*

“Hey, Dad! Napatawag ka?” bati ni Brandon nang sagutin ang tawag ng daddy niya sa kanyang cellphone. He was checking some reports given to him by the department heads. General Manager siya sa Philippine branch ng isang international shoe line.

“Hindi ko na ba p’wedeng tawagan ang nag-iisa kong anak?” Ramdam niyang nakangiti ito sa kabilang linya.

Napangiti rin siya at napailing. “Drop the drama, Dad. Hindi bagay. Ano’ng meron?”

Tumawa ang kanyang ama sa kabilang linya. “Call your mom. Nagtatampo na siya sa ’yo. Hindi mo raw sinasagot ang mga tawag niya.”

He sighed. Minsan ay naiinis siya sa pagiging clingy ng mommy niya. Simula nang umalis siya sa bahay nila at lumipat sa pad na iniregalo ng mga ito sa kanya noong grumaduate siya sa college ay maya't maya siya nitong chine-check. Hindi naman niya masisi ito dahil nag-iisa siyang anak.

“All right. I’ll call her.”

“Good. See you soon, anak.”

Nang matapos ang tawag ay ini-dial naman niya ang number ng kanyang mommy na mabilis nitong sinagot. Para bang nag-aabang na talaga ito sa tawag niya. Napangiti siya.

“Mom.”

“My baby finally called his mom. I miss you, anak!” parang maiyak-iyak pang wika nito sa kabilang linya.

Napabuntong-hininga siya. “Miss you, too, Mom.”

“So, how’s your week? Lampas isang buwan ka nang hindi nagpapakita. Dito ka na sa bahay mag-dinner later.”

Pinag-isipan niya kung ano ang dapat isagot. Actually, pinagpaplanuhan niyang pumunta sa club dahil gusto niyang mag-relax.

“Please, hon,” pagmamakaawa ng mommy niya.

“Fine, I’ll be there later, Mom.” Kaya ayaw niyang sinasagot ang tawag nito ay dahil alam niyang hindi niya ito mahihindian kahit iyon ang gusto niyang gawin.

“Really? Okay, I’ll prepare something good. And, anak, p’wede bang daanan mo ang daddy mo sa office? Nag-cab lang siya kanina, eh.”

“Do I have a choice?”

Napahagikgik naman ito sa tanong niya. “I love you, hon. See you later. Hindi na ako makapaghintay.”

Kung hindi lang talaga nakakakonsyensya ay hindi pupunta si Brandon sa kanilang bahay.

Mabilis na lumipas ang mga oras. Nang matapos niyang pag-aralan ang mga dokumento at mga report ay agad na siyang naghanda sa pag-alis. Napagdesisyunan niyang mag-undertime na lang dahil ayaw niyang maabutan ng rush hour. Tinawagan niya ang kanyang daddy na dadaanan niya ito sa opisina nito tulad ng bilin ng mommy niya.

Ilang minuto lang naman ay narating na niya ang *Suarez Corporation*. Hindi kalakihan ang head office ng SC dahil lampas isang daan lang ang employees nila na nakabase roon. Well, aside from the staff in their commissary na roon din ang location. Dalawang palapag lang ang main office.

Ang commissary naman ay isang floor lang ngunit malawak.

Ang *Suarez Corporation* ay pag-aari ng mga magulang niya. Itinayo iyon isang taon matapos ang kasal ng mga ito. Ang main products ng kompanya ay coffee at tea. And as accompaniments, mayroon silang cakes and pastries. Recently, nagdagdag na rin sila ng gourmet products.

His parents met because of coffee. Pareho kasing mahilig sa kape ang mga ito kaya iyon ang naisipan na itayong business noon. Basically, kasing-tanda na niya ang unang branch ng *Bran's* coffee shop. Sa ngayon ay mayroon na silang eighteen branches sa Luzon at dalawa sa Visayas.

Later on ay siya na ang magma-manage sa SC kapag ipinasa na sa kanya ng daddy niya ang responsibilidad—na sa totoo lang ay ayaw niya pang tanggapin.

Palabas na si Brandon sa kanyang sasakyan nang may mamataan siyang pamilyar na babae na palabas sa opisina. Ewan niya ba pero napangiti siya nang masigurong ang babaeng iyon ay si... Cathy.

Ilang araw na ba ang lumipas mula nang gabing iyon? Right, halos dalawang buwan na ang nakalipas. Siguro ay nalimutan na siya nito. Napailing siya sa

naisip. Why would he even think of her forgetting him? Iyon nga ang mas maganda.

Bumaba na siya nang tuluyan sa kanyang sasakyan at naglakad papasok sa opisina nang makitang nakalayo na si Cathy. *Cathy*. Napailing siya. Bakit ba hindi niya pa nalilimutan ang pangalan at ang mukha nito?

“Sir, magandang hapon. Ngayon na lang ulit kayo nagawi dito, ah,” salubong sa kanya ni Manong Gerry, ang isa sa mga guard sa establishment. Matagal na itong nagtatrabaho sa kompanya nila.

“Oo nga, Mang Gerry. Medyo busy sa trabaho. Kayo, kumusta kayo rito?”

“Okay naman po. Susunduin n’yo po ba si Sir Don?” tukoy nito sa tatay niya.

“Oo. ’Nga pala, may HR pa ba sa loob?” bigla niyang naitanong. Gusto niyang tawanan ang sarili dahil doon. Para kasing nagkaroon ng sariling utak ang bibig niya.

Gumuhit ang pagtataka sa mukha nito pero hindi nag-usisa. “Opo, Sir. Nand’yan pa si Ma’am Marjin,” sagot nito.

“Wow, she’s still here.” Katulad ni Mang Gerry ay matagal na ring nagtatrabaho sa kompanya si Marjin. “Anyway, papasok na ako.”

Sa halip na dumerecho sa opisina ng daddy niya ay dinala siya ng kanyang mga paa sa HR department.

“Brandon, what a pleasant surprise!” bati agad sa kanya ni Marjin nang makita siya. Siguro ay nasa cincuenta na ang edad nito at halos kalahati ng buhay nito ay iginugol na nito sa pagtatrabaho sa SC kaya naman napalapit na rin ito sa kanya. Noong teenager pa kasi siya ay lagi siyang pumupunta roon.

Lumapit siya sa babae at niyakap ito. “Feels like a long time, ha?”

“’Twas a long time naman talaga. Kaya ka ba nandito ay para sabihing ikaw na ang magpapatakbo ng kompanya?” Iminuwestra nito ang upuan. “Upo ka.”

“No, it’s fine. Hindi naman ako magtatagal. And for the record, hindi pa ako sawa sa buhay ko kaya hindi ko pa matatanggap ang mamahala sa kompanya.”

Tumawa ito at napailing. “Same old. So, ano’ng maipaglilingkod ko sa anak ng boss ko?”

“Well, may kailangan lang akong file.”



Kadarating-rating lang ni Cathy sa bahay nila nang may matanggap siyang text message from an

unregistered number. Naupo siya sa couch bago binuksan iyon at binasa.

So, are you pregnant now?

Muntik na siyang malaglag sa upuan dahil doon. Sinong gago kaya ang nag-text niyon sa kanya?

“Anak, nandito ka na pala. Ba’t nakakunot iyang noo mo?” naulinigan niyang tanong ng mama niya. Lumapit ito ng upo sa kanya at sinilip ang cellphone niya. Agad niya namang inilayo iyon. Baka mag-freak out pa ito kapag nabasa nito ang text sa kanya.

“Wala, Ma. May na-wrong sent lang ng text sa ’kin,” agad na paliwanag niya.

“Ows? Baka naman may manliligaw ka na?” tukso nito.

Napailing si Cathy. Noon pa man ay laging nagtatanong ang ina niyang si Lyn kung may nanliligaw na raw ba sa kanya o kung may boyfriend na siya. “Ma, hindi ako magbo-boyfriend. Ayoko ng complication.”

“Hay naku! Ang sabihin mo kaya ayaw mo ay dahil sa nangyari sa amin ng pa—”

“Ma, ’wag na natin pag-usapan. Ayoko ng commitment. I’d rather die single.” Tumayo na siya habang nakasukbit pa rin ang shoulder bag sa kanyang balikat.

“Catherine, masayang ma-in love,” positive na komento ng mama niya.

Sa totoo lang, hindi niya ito maintindihan. Tuwina kasi, kapag nagtatanong ito about love life ay parang hindi ito iniwan; na hindi ito nasaktan at niloko. Napaka-positive pa rin nito when it came to love.

“Masakit magmahal,” kontra niya nang paakyat na siya sa hagdanan malapit sa sala.

“Bakit? Nagmahal ka na ba?”

Napanguso ang dalaga. “No. At wala akong balak. Tigilan na nga natin ang love life na iyan. Doon na muna ako sa kuwarto ko, Ma.”

“Okay. Basta pag may boyfriend ka na’y ipakilala mo agad sa ’kin.”

Napailing na lang si Cathy. Hindi na siya nagtangkang sumagot dahil hindi lang matatapos ang pag-uusap nila.

Nang makapasok sa kuwarto niya ay agad siyang nahiga sa kama. Inalis niya ang bag sa kanyang balikat at ipinatong sa tabi niya. Kinuha niya ulit ang cellphone dahil may na-receive ulit siyang text message.

Galing ulit iyon sa unregistered number na nag-text sa kanya kanina at kapareho pa rin ang laman

ng mensahe.

Sino ba 'to? Parang timang. Nag-type siya ng reply para malaman kung sino ang nangti-trip sa kanya. Sino naman kasi ang magtatanong sa kanya ng ganoon?

Wu r u? ang tinype niyang reply.

Ilang segundo lang ay nag-reply na iyon. *Very professional. So, are you pregnant now?*

Muling nagsalubong ang mga kilay niya. *Sino ka ba? At bakit tanong ka nang tanong kung buntis ako?*

I'm your handsome sperm donor. Nanlaki ang mga mata niya at napaupo siya nang mabasa iyon. Tama ba siya ng iniisip kung sino iyon?

Pa'no mo nalaman ang no. ko?

I have connections. Just answer my question.
Buntis ka na ba?

Napahinga siya nang malalim. Bakit ba nito tinatanong kung buntis na siya?



Napangiti si Brandon nang muling mag-reply si Cathy. Nang dumaan siya sa HR department kanina ay kinuha niya ang cellphone number at home address ni Catherine S. Cillo sa resumé nito. Hindi niya alam kung ano ang nakain niya at ginawa niya iyon. At ngayon nga ay ka-text niya ito.

Pakyu! Napahagalpak siya nang mabasa ang sagot nito sa tanong niya. Ang tagal nitong nag-reply pagkatapos ay iyon lang ang isinagot nito.

“Is there something wrong, son?” narinig niyang tanong ni Berna, ang mommy niya. Napalingon siya rito.

Hindi na siya nag-reply pa kay Cathy. Itinago niya sa bulsa ng slacks ang cellphone niya. “I’m fine. Why’d you ask?”

“Are you in love?”

Muli, napatawa siya dahil doon. “Bakit n’yo naman natanong?”

Bago sumagot si Berna ay lumingon muna ito kay Don, ang daddy niya. Para bang tinatanong nito sa asawa kung naiisip din ba nito ang naiisip ng ginang.

“Sino’ng ka-text mo?” pag-iiba ni Berna ng tanong.

Naguluhan ang binata. Ano ba ang tumatakbo sa isip ng mommy niya? “Someone you don’t know,” simpleng sagot niya.

“A woman?”

Napasandal siya sa upuan niya. He found it weird. Dapat ngayon pa lang ay naiinis na siya dahil sa mga tanong ng mommy niya, but he was still calm.

“Will you stop if I say yes?”

“Honey, nakita mo na bang tumawa ang anak natin dahil sa ka-text na babae?” Si Don naman ang tinanong ni Berna.

“No, honey. Hindi pa,” maikling sagot ng ginoo. “Bakit?”

“Yeah, what’s wrong with that, Mom?” segunda niya. Hindi siya makapaniwala dahil gusto niyang marinig ang assumption nito.

“Walang mali. Pero may bago. You exchanging text messages with a woman at napatawa ka? Kung si Vince pa ang ka-text mo, mage-gets ko. I think you’re in love, son.”

“What?” Umiling siya. “Hindi. Hindi porque’t natawa ako sa isang text ng babae means I’m in love with her, Mom.”

“Pero hindi mo dineny. I asked you if you’re in love, pero ang sagot mo’y ‘paano mo naman nasabi’? Hindi kagaya ng mga sagot mo noon. Direct to the point and you’ll even curse.”

Parang binuhusan ng malamig na tubig si Brandon. Siya, in love? No. Malabo. Nakakatuwa lang talaga si Cathy. Period.

“You’re just assuming, Mom.”

“Gusto ko siyang makilala,” matigas na sabi ni

Berna.

“At ba’t ko siya ipapakilala sa inyo?”

“Introduce her to us or I won’t stop setting you up on dates,” hamon nito.

Hindi siya makapaniwala na mananalo ngayon ang kanyang ina. He had never let her win. May mali nga yata sa kanya, pero siguro ay tama rin kung ipapakilala niya si Cathy para matigil na si Berna. Ang problema na lang ay kung paano niya makukumbinsi si Cathy.

“Fine.”